
	TAMANG SAGOT (TS)	
	Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2020-0019
	Title	Implementation of PhilHealth Cloud Storage Service (PCSS)


Tanong	Sagot
Ano ang PhilHealth Cloud Storage Service (PCSS)?	Ang PhilHealth Cloud Storage Service ay isang storage service na ipinapagamit ng PhilHealth sa mga accredited na Health Care Institutions (HCIs) na maaring mapaglagyan ng mga dokumento na required ng PhilHealth.
Ano ang mga layunin ng PCSS?	<p>Ang mga sumusunod ay ang pangunahing layunin ng PCSS:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Upang masiguro ang access at availability ng mga kinakailangang dokumento ng PhilHealth para sa pagproseso ng claims; 2. Upang maitaguyod at mapaingting ang pagsunod ng mga HCIs sa umiiral na pamantayan ng PhilHealth patungkol sa mga datos; at 3. Upang magkaroon ng isang storage service na mayroong validation controls at kakayahang makapag-upload ng mga kinakailangang dokumento o PhilHealth Forms na maaaring ma-retrieve anumang oras, at maiwasan o mapababa ang bilang ng mga claims na ibinabalik sa mga ospital.
Sino ang maaaring gumamit o mag-avail ng PCSS?	Ang PCSS ay maaaring gamitin ng mga HCIs, miyembro, employers at stakeholders na makakapasa sa pamantayang itinalaga ng PhilHealth.
Paano mag avail ng PhilHealth Cloud Storage Service para sa eClaims?	<p>Maaaring makapagpa-rehistro sa pamamagitan ng kumpletong pag-fill-out ng mga sumusunod na forms at ipasa sa PhilHealth OS ticketing system (https://itsupport.philhealth.gov.ph) sa ilalim ng Help Topic na PhilHealth Cloud Storage / PCSS Registration.</p> <ul style="list-style-type: none"> • PhilHealth Cloud Storage Service Application Form (PCSSAF) (https://www.philhealth.gov.ph/downloads/eclaims/PCSS_ApplicationForm.pdf) • Non-Disclosure Agreement (NDA) (https://www.philhealth.gov.ph/downloads/eclaims/An



	TAMANG SAGOT (TS)	
	Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2020-0019
	Title	Implementation of PhilHealth Cloud Storage Service (PCSS)

Tanong	Sagot
	<p style="text-align: center;"><u>nexB-NDA.pdf</u></p> <p>At para sa mga HCIs na walang access sa internet, maaaring magsumite ng forms sa pinakamalapit na PhilHealth Regional Office (PRO).</p>
Ano ang mga kailangang baguhin sa Health Information System (HIS) o kasalukuyang system na ginagamit ng HCIs para maging compliant sa eCCSA?	<p>Ang PhilHealth ay may mga technical requirements upang makapag-avail ng eCCSA. Ito ay maaaring makita at ma-download sa PhilHealth website (https://www.philhealth.gov.ph/downloads/eclaims/eClaimsCloudStorage_Specs.pdf).</p> <p>Kapag naibigay na ng PRO-IT ang credential/s na kailangan ng mga HCI para makapag-test sa eCCSA, sila ay makikipag-ugnayan sa kanilang IT technical staff o Service Provider para ibigay ang credentials at eCCSA technical requirements upang mai-adjust ang kanilang system at maging compliant.</p>
Ano ang dapat gawin kapag ang HIS o eClaims compliant na sistema ng HCI ay naisaayos na sa mga requirements ng eCCSA?	<p>Ang HCI ay maaari nang makipag-ugnayan sa IT Office ng pinakamalapit na PRO upang dumaan sa validation test ang kanilang HIS o eClaims-compliant na system.</p>
Saan maaaring mag-report kapag mayroong technical error na mae-encounter?	<p>Kung ang HCI ay may Service Provider, dapat na ipaalam muna sa kanilang Service Provider ang mga technical error o problema na kanilang na-encounter.</p> <p>Ang mga nasuring error o problema na nauugnay sa PhilHealth, ito ay dapat i-report sa PhilHealth OS Ticketing System (https://itsupport.philhealth.gov.ph) sa ilalim ng Help Topic na PhilHealth Cloud Storage / Technical Support.</p>
Kapag may natanggap nang account para sa PhilHealth API, maaari bang magpalit ng account?	<p>Maaari lamang magpalit ng account sa mga sumusunod na kadahilanan:</p> <ol style="list-style-type: none"> a. Nagpalit ng software provider; b. Nakompromiso ang account; c. Naglipat o magpapalit ng awtorisadong kinatawan;



	TAMANG SAGOT (TS)	
	Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2020-0019
	Title	Implementation of PhilHealth Cloud Storage Service (PCSS)

Tanong	Sagot
	d. At iba pang kadahilanan na inaprubahan ng PhilHealth.
Ano ang dahilan para mai-lock o ipagbawal ang pag-access sa API?	<p>Maaaring ma-lock o ipagbawal ang paggamit ng API kung mayroong paglabag sa mga tuntunin sa paggamit ng PCSS at iba pang kondisyong itinalaga ng PhilHealth.</p> <p>Ang na-lock o na-deactivate na account ay maaaring makuha/mapaganang muli sa pamamagitan ng pagsusumite ng PCSSAF sa pinakamalapit na PhilHealth office.</p>

Approved by:

 01/06/2021
NELSON S. DE VERA
 Acting SM, ITMD

